

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Tumulong sa paghubog ng paglago sa kinabukasan ng Brampton**

### ***Humihingi ang Lungsod ng input sa Bagong Opisyal na Plano ng Brampton – “Brampton Plan”***

BRAMPTON, ON (Marso 22, 2021) –Nagho-host ang Lungsod ng Brampton ng [Brampton Plan: City Structure Workshop](#) isang pambuonng Lungsod, pampublikong workshop sa Sabado, April 10, mula 10 am hanggang 12 pm, para makakuha ng mga komento mula sa mga residente, mga may-ari ng negosyo, mga pangkat ng komunidad at mga stakeholder sa Brampton Plan nito.

Ang workshop ay parte ng serye ng mga pampublikong event para mangalap ng mga komento habang pumapasok ang Lungsod ng Brampton sa susunod na yugto ng Brampton Plan, ang rebyu sa Opisyal na Plano ng Lungsod. Lilikha ang Brampton Plan ng roadmap sa kung paano uunlad at lalaki ang Lungsod sa hinaharap.

Sa 2021, ipagpapatuloy ng Lungsod ng Brampton ang ekstensibong mga proseso ng konsultasyon ng ng komunidad na pinagbasehan ng Brampton 2040 Vision kasama ang mga residente, mga pangkat ng komunidad at mga ahensya, mga Katutubong tao, mga builders, developer, lokal na mga stakeholder, at iba pang antas ng pamahalaan. Ang komento o input na ito ay lilikha ng mas masigla, sustenable sa kapaligiran at mas nakakalusog na kinabukasan para sa Brampton.

Ang feedback ng Komunidad ay tutulong na gagabay sa Konseho ng Lungsod. Kapag naaprubahan ng Konseho, ang Brampton Plan ay magtatakda ng lehislatibong framework para pangasiwaan at gabayan ang pag-unlad sa Brampton. Ang Brampton Plan ay tutukoy kung saan itatayo ang pabahay, mga tindahan at mga negosyo, mga parke, trail, at likas na mga lugar, bukod pa sa kung saan kailangan ang mga daan, transit at iba pang mahalagang imprastraktura para masuportahan ang mabilis na lumalaking lungsod na higit sa 700,000.

Mula sa huling Opisyal na Plano sa 2006 ng Brampton, ang Lungsod ay naging pansiyam sa pinakamalaking lungsod sa Canada at ang paglaki ng populasyon ay tatlong beses na mas mataas kaysa average sa lalawigan. May mga pagbabago rin sa mga patakaran sa pagpapalano ng Lalawigan at Rehiyon. I-aayon ng Brampton Plan ang mga patakarang ito sa pagpapalano sa mga strategic na plano ng Lungsod, mga proyekto, at mga pagpapaunlad para matupad ang mga minimithi ng *Brampton 2040 Vision: Living the Mosaic* pati na rin sa pagsuporta sa *Termino ng mga Prayoridad ng Konseho*.

Hinihikayat ang mga residente na bisitahin ang [Brampton.ca/BramptonPlan](http://Brampton.ca/BramptonPlan) para mas malaman pa ang tungkol sa nagpapatuloy na mga inisyatiba, magpa-register para sa paparating na mga event at sagutan ang aming survey sa kung ano ang mahalaga sa iyo. Para sa mga tanong o mga komento, mag-email sa [/sgmail/src/compose.php?send\\_to=opreview@brampton.ca](mailto:/sgmail/src/compose.php?send_to=opreview@brampton.ca).

**Mga Quote**

“Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin sa Lungsod ng Brampton. Nakikipagtulungan din tayo para sa progreso, kaya ang komento ng publiko ay napakahalaga para sa Brampton Plan, para gabayan ang Lungsod ng Brampton sa kinabukasan habang tayo ay lumalago at umuunlad. Sa buong proseso na ito ng konsultasyon, hinihiling natin sa lahat na magbigay ng input tungkol sa pagtatayo ng nagsasaling lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang *Brampton 2040 Vision: Living the Mosaic* ay naglalarawan sa mas sustenable at mas masiglang kinabuklasan para sa Brampton. Ang Brampton Plan ay isang mahalagang parte ng proseso at inaasahan natin ang pagpapatuoy sa pagpapasali sa mga residente habang pumapasok tayo sa susunod na yugto ng Pagrepaso sa Opisyal na Plano. Magkasama, maitatayo natin ang maganda at mapagmalasakit na framework para matiyak na ang lahat ng pagpapalano sa Lungsod, mga proyekto, at pagpapaunlad ay magkakasamang gumagana para maipatupad ang mas matagal na termino na bisyon ng Lungsod.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Planning and Development Committee, Lungsod ng Brampton*

“Bilang Vice-Chair ng Planning and Development Committee, prayoridad natin na tiyakin na lumalaki ang Brampton sa paraan na nagbibigay benepisyo sa buong komunidad, nakikiayon sa ating Panrehiyong Opisyal na Plano, at nagtatakda ng daan para sa kinabukasan ng Brampton. Hinihikayat ko ang mga residente at mga stakeholder na sumali at mag-ambag ng mga ideya habang binubuo natin ang bagong opisyal na plano ng lungsod.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal Wards 7 & 8; Vice-Chair, Planning and Development Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating lungsod ay nakakita ng malaking pag-unlad at pagbabago mula nang naaprubahan ang huling Opisyal na Plano ng Brampton noong 2006, sa ating lumalaking populasyon nang higit sa 61 porsyento. Ang Brampton ay isang dinamikong lungsod na may maipagmamalaking nakalipas at maliwanag na kinabukasan. Pangangasiwaan ng Brampton Plan kung paano ang Lungsod ng Brampton patuloy na lalaki at magde-debelop sa pagiging isang tumatanggap na lungsod natin at uri ng komunidad na gustong maranasan ng lahat.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapoligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)